DepEd Advisory No. 214, s. 2016
August 11, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG REORYENTASYON SA PANITIKAN NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan* mula ika-7 hanggang ika-9 ng Setyembre 2016 na gaganapin sa *Benitez Theater*, Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City.

Ang seminar ay tatlong araw na gawain na tatalakay sa halaga ng panitikan sa edukasyon, katangian ng panitikang Filipino, mga lapit sa pagtuturo sa panitikan, at estado ng panitikang rehiyonal. Magkakaroon din ng pakitang-turo sa epiko, kuwentong-bayan, at panitikang rehiyonal.

Ang layunin ng Reoryentasyon ay ang mga sumusunod:

1. matalakay ang mga natatanging katangian ng panitikang Filipino at mabigyan ng sapat na kaalaman ang mga guro sa pagpili ng mga akda na dapat nilang ituro;
2. mailahad ang maka-Filipinong pananaw sa pagtuturo ng panitikan; at
3. makapagpakita ng mga alternatibo at makabagong paraan ng pagtuturo ng panitikan.

Ang mga guro sa elementarya at sekundarya, mga ulong guro, superbisor, punongguro, tagapamanihala ng mga paaralan, at iba pa ay inaanyayahang lumahok sa gawaing ito.

Walang bayad ang rehistrasyon ng mga lalahok.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Bb. Miriam P. Cabila
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson
  1610 Jose P, Laurel Street, San Miguel, Manila 1005
  Telepono: (02) 736-2525, lokal 105; (02) 708-6972
  Mobile Phone: 0929-876-5856
  Email: miriam.cabila@yahoo.com

- Bb. Lourdes Z. Hinampas
  Email: jinghinampas@gmail.com

mvec/Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan
0544– Augusto 3/5, 2016